| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | Visit DepEdresources.com for more | Grade Level: | II |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | | Learning Area: | MTB |
| | Teaching Dates and Time: | AUGUST 29 – SEPTEMBER 1, 2023 (WEEK 1) | Quarter: | 1ST QUARTER |



| | LUNES | MARTES | MIYERKULES | HUWEBES | BIYERNES |
|---|---|---|---|---|---|
| I. LAYUNIN | | Nagagamit nang wasto ang mga pagbati at magagalang na pananalita ayon sa sitwasyon. | Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng pangkat o klase tungkol sa tekstong napakinggan.<br>Naibibigay ang kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng kilos at pahiwatig ng teksto.<br>Nakapagbibigay ng hinuha sa mangyayari sa kuwento.<br>Naipakikita ang pagkaunawa sa teksto sa pamamgitan ng pagsagot sa mga literal at mas mataas na antas na tanong.<br>Nababalikan ang mga mahahalagang detalye tungkol sa napakinggang kuwento.<br>Naipakikita ang kawilihan sa pakikinig at pagbasa ng kuwento sa pamamagitan ng matamang pakikinig at pagbibigay ng komento o reaksyon. | Nababasa nang may kasanayan ang mga salita sa unang kita na naayon sa baitang o antas.<br>Nagagamit ang kaalaman sa paraan ng pagbaybay ng mga salita sa pagbasa. | Nagagamit ang kaalaman at kasanayan sa pagbaybay sa pagsulat ng mga salita na naaayon sa baitang o antas. |
| A.Pamantayang Pangnilalaman (Content Standards) | | demonstrates understanding and knowledge of language grammar and usage when speaking and/or writing. | possesses developing language skills and cultural awareness necessary to participate successfully in oral communication in different contexts.<br>demonstrates knowledge of and skills in word analysis to read, write in cursive and spell grade level words.<br>demonstrates understanding of grade level narrative and informational texts.<br>demonstrates positive attitude towards language, literacy, and literature. | demonstrates the ability to read grade level words with sufficient accuracy speed, and expression to support comprehension | demonstrates the ability to formulate ideas into sentences or longer texts using conventional spelling. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| B.Pamantayan sa Pagganap (Performance Standards) | | speaks and writes correctly and effectively for different purposes using the basic grammar of the language. | uses developing oral language to name and describe people, places, and concrete objects and communicate personal experiences, ideas, thoughts, actions, and feelings in different contexts.<br>applies word analysis skills in reading, writing in cursive and spelling words independently.<br>uses literary and narrative texts to develop comprehension and appreciation of grade level appropriate reading materials.<br>values reading and writing as communicative activities. | reads with sufficient speed, accuracy, and proper expression in reading grade level text. | uses developing knowledge and skills to write clear and coherent sentences, simple paragraphs, and friendly letters from a variety of stimulus materials. |
| C.Mga Kasanayan sa Pagkatuto. Isulat ang code ng bawat kasanayan (Learning Competencies / Objectives) | | **Identify and use naming words in sentences.**<br>**MT2GA-Ia-2.1.1** | **Participate actively during story reading by making comments and asking questions using complete sentences.**<br>**MT2OL-Ia-6.2.1**<br>**Read a large number of regularly spelled multi-syllabic words.**<br>**MT2PWR-Ia-b-7.3**<br>**Note important details in grade level narrative texts: a. character b. setting c. plot (problem and resolution)**<br>**MT2RC-Ia-b-1.1.1**<br>**Express individual choices and taste for texts**<br>**MT2ATR-Ia-c-5.1** | **Read aloud grade level text with an accuracy of 95 - 100%.**<br>**MT2F-I-a-i-1.4** | **Express ideas through poster making (e.g. ads, character profiles, news report, lost and found) using stories as springboard.(These writing activities are scaffold by the teacher.)**<br>**MT2C-Ia-i-1.4** |
| **II. NILALAMAN** | | **Modyul 1**<br>**UNANG LINGGO**<br>**Nais at Di Nais** | **Modyul 1**<br>**UNANG LINGGO**<br>**Nais at Di Nais** | **Modyul 1**<br>**UNANG LINGGO**<br>**Nais at Di Nais** | **Modyul 1**<br>**UNANG LINGGO**<br>**Nais at Di Nais** |
| **III. KAGAMITANG PANTURO** | | Predition chart, character map, venn diagram, kuwento, diyalogo | Predition chart, character map, venn diagram, kuwento, diyalogo | Predition chart, character map, venn diagram, kuwento, diyalogo | Predition chart, character map, venn diagram, kuwento, diyalogo |
| **A.Sanggunian** | | **Curriculum Guide 2016 sa Mother Tongue pahina 83-84** | **Curriculum Guide 2016sa Mother Tongue pahina 83-84** | **Curriculum Guide 2016 sa Mother Tongue pahina 83-84** | **Curriculum Guide 2016 sa Mother Tongue pahina 83-84** |
| | | 2-3 | 3-8 | 8-9 | 9-10 |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **1.Mga pahina sa Gabay ng Guro** | | | | | |
| **2.Mga pahina sa Kagamitang Pang Mag-aaral** | | 3-5 | 5-7 | 8 | 9 |
| **3.Mga pahina sa Teksbuk** | | | | | |
| **4.Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng Learning Resource** | | | | | |
| **B.Iba pang Kagamitang Panturo** | | Kuwento: "Unang Araw ng Pasukan"<br>Akda nina: Grace Urbien-Salvatus<br>Rianne Pesigan-Tinana<br>Babylen Arit-Soner<br>Awit: "Magandang Umaga"<br>Diyalogo: "Diyalogo sa pagitan nina Lina at Marlon | Kuwento: "Unang Araw ng Pasukan"<br>Akda nina: Grace Urbien- Salvatus<br>Rianne Pesigan-Tinana<br>Babylen Arit-Soner<br>Awit: "Magandang Umaga"<br>Diyalogo: "Diyalogo sa pagitan nina Lina at Marlon | Kuwento: "Unang Araw ng Pasukan"<br>Akda nina: Grace Urbien-Salvatus<br>Rianne Pesigan-Tinana<br>Babylen Arit-Soner<br>Awit: "Magandang Umaga"<br>Diyalogo: "Diyalogo sa pagitan nina Lina at Marlon | Kuwento: "Unang Araw ng Pasukan"<br>Akda nina: Grace Urbien-Salvatus<br>Rianne Pesigan-Tinana<br>Babylen Arit-Soner<br>Awit: "Magandang Umaga"<br>Diyalogo: "Diyalogo sa pagitan nina Lina at Marlon |
| **IV:PAMAMARAAN** | | | | | |
| **A.Balik-aral sa nakaraangaralin at / o pagsisimula ng bagong aralin** | | 1. Panimulang Gawain<br>Ipaawit ang awit ng pagbati sa tono ng "Paru-parong Bukid" gamit ang istratehiyang pagmomodelo, paggabay at malayang pamamaraan.<br>Magandang umaga po<br>Mahal naming guro<br>Kami"y bumabati<br>Magandang umaga po<br>Kami ay nakahandang<br>Magbasa"t magsulat<br>Buong pusong bumabati<br>Magandang umaga po | 1.Paghahawan ng Balakid<br>1.1. malaglag<br>Baka malaglag ang mga gamit niya dahil bukas ang kaniyang bag.<br>1.2. Punongguro<br>Si Gng. Santos ay isang punongguro. Siya ang namamahala sa paaralan. | Balik-aral<br>Magkaroon ng balik-aral tungkol sa kuwentong, "Unang Araw ng Pasukan"<br>Akda nina Babylen Arit-Soner, Grace Urbien-Salvatus, at Rianne P. Tiñana | Balik-aral<br>Ipasulat ang pangalan ng mga bata.<br>Itanong kung papano nila ito isinulat. |
| **B.Paghahabi sa layunin ng aralin** | | Pagganyak<br>Itanong kung ano ang naramdaman ng mga bata habang umaawit at kung anong pagbati ang ginamit dito | 2. Pagganyak<br>Pag-usapan ang gusto at ayaw na prutas ng mga bata at bakit.<br>Itanong din kung nakatulong na sila sa ibang tao, kailan, sino, paano, ano ang kanilang naramdaman, at bakit.<br>3. Pagganyak na Tanong | 2. Pagganyak<br>Ilahad at ipakanta ang awit.<br>Adaptation from the Tune of "Where is Thumbman?"<br>Guro: Magandang umaga (2x), sa inyo (2x)<br>Kumusta kayo (2x)<br>Mag-aaral: Mabuti po (2x) | 2. Pagganyak<br>Ipakita ang mga lagayan ng mga sabon, noodles, toothpaste, shampoo, atbp.<br>Ipasabi ang ngalan ng bawat isa.<br>Ipabasa ang ngalan ng bawat isa.<br>Ipabasa nang pabaybay.<br>Ipasulat ang ngalan ng bawat isa sa pisara. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | Ilahad ang mga tanong na nasa Prediction Chart. Ipahula ang sagot sa mga tanong at isulat sa hanay ng Hulang Sagot. Sabihin nabaalamin nila ang tunay na nangyari pagkatapos basahin ang kuwento .<br>**Prediction Chart**<br>Tanong \| Hulang Sagot \| Tunay na Nangyari<br>1. Ano ang gusto at ayaw na prutas ni Mina?<br>2. Bakit kaya masayang-masaya si Mina sa unang araw ng pasukan? \| \| | | Ituro ng guro ang wastong pagsulat ng bawat salita.<br>Ipagaya ang wastong pagsulat sa mga bata.<br>Itanong kung papaano isinulat ang ngalan ng mga bagay. |
| **C.Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin** | | Paglalahad/Pagmomodelo<br>Basahin ang diyalogo sa LM sa pahina 3<br>Basahin.<br>Nagkasalubong sa paaraalan sina Lina at Marlon.<br>Narito ang usapan nila.<br>Lina: Magandang umaga, Marlon.<br>Marlon: Magandang umaga rin naman sa iyo Lina.<br>Lina: Kumusta ka ?<br>Marlon: Mabuti naman. Maraming salamat. Ikaw, kumusta ka?<br>Lina: Mabuti rin naman.<br>Marlon: Paalam na Lina.<br>Lina: Paalam, Marlon<br>Original File Submitted and Formatted by DepEd Club Member - visit depedclub.com for more | 1. Basahin ang kuwento nang tuloy-tuloy.<br>2. Basahin muli nang may paghinto at interaksyon ang kuwento sa pahina sa LM sa pahina 5<br>**Unang Araw ng Pasukan**<br>**Akda nina Babylen Arit-Soner, Grace Urbien-Salvatus, at Rianne P. Tiñana**<br><br>Unang araw ng klase. Maagang pumasok si<br>Mina sa paaralan. “Aalis na po ako inay” paalam<br>ni Mina sa kaniyang nanay.” Heto ang manggang<br>hinog na gusto mong prutas” wika ng nanay kay Mina. “Salamat po inay” wika ni Mina. “Ayaw<br>mo ba talaga ng atis?” tanong ng nanay. “Ayaw | Paglalahad<br>Ipabasa ang mga magagalang na pananalita sa LM sa pahina 8<br>Basahin nang may wastong tono at ekspresyon<br>ang magagalang na pagbati at pananalita.<br>Magandang umaga po<br>Paumanhin po.<br>Magandang tanghali po<br>Maramingsalamat po<br>Magandang hapon po<br>Makikiraan po<br>Kumusta po. Wala pong anuman. | Paglalahad<br>Ipabasa muli ang mga magagalang na pananalita at pagbati na nasa chart. Ipagaya ang wastong pagsulat sa mga bata. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | ko po inay. Kahit matamis ang atis ay marami po<br>namang buto ito.” sagot ni Mina. “Sige, ingat ka<br>sa daan anak,” bilin ng nanay kay Mina. “Opo<br>nanay. Salamat po!” wika ni Mina.<br><br>“Magandang umaga po, Gng. Santos”, bati niya. “Magandang umaga din sa iyo, Mina”, wika ng punong guro. Sa kaniyang patuloy na paglalakad, napansin niya ang isang batang lalaki na nakabukas ang bag. Hinabol ito ni Mina. “Bata, nakabukas ang iyong bag, baka malaglag ang iyong mga gamit”, ang sabi niya. “Naku oo nga, Maraming salamat<br>ha!”, ang sabi ng bata. Walang anuman”, ang nakangiting tugon ni Mina. Masayang-masaya si Mina dahil unang araw pa lang ng pasukan ay nakatulong na siya. | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **D:Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1** | | Pasagutan ang mga tanong na nasa LM.<br>Ano-anong pagbati ang ginamit sa diyalogo?<br>Kailan natin ginagamit ang magandang umaga? Kumusta ka? Paalam? Salamat?<br>Bakit kailangan nating gamitin ang mga ito?<br>Ano-ano pang pagbati ang ginagamit natin?<br>Halimbawa ay sa hapon? Sa tanghali? Sa gabi? Kapag di sinasadya ay nakasakit ka ng kapwa? Ano naman ang sinasabi kapag binigyan ka ng isang bagay o regalo? Kapag may nag-uusap at dadaan ka sakanilang pagitan?<br>Ano-ano ang pananalitang ito?<br>Isulat sa pisara ang mga magagalang na pananalita at ipabasa ito nang pabigkas. | Pagsagot sa pangganyak na tanong<br>Balikan ang Prediction Chart.<br>Sagutan ang bahagi na tungkol sa tunay na nangyari.<br>Paghambingin ang hulang sagot at ang sagot sa tunay na nangyari.<br>Itanong ang dahilan kung bakit pareho o hindi pareho ang sagot.<br>Pagsagot sa mga tanong:<br><br>Prediction Chart<br>Tanong: 1. Anong prutas ang gusto at ayaw ni Mina? 2. Bakit kaya masayang-masaya si Mina sa unang araw ng pasukan?<br>Hulang Sagot:<br>Tunay na Nangyari: 1. Mangga ang gustong prutas ni Mina. Atis naman ang ayaw niya. 2. Sapagkat nakatulong siya sa isang mag-aaral sa kanilang paaralan sa unang araw ng pasukan. | Muling basahin ang kwento. | Itanong kung papaano isinulat ang ngalan ng mga bagay. |
| **E.Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2** | | Basahin ang sa Gawain 1 na nasa LM sa pahina 4<br>Kumuha ng kapareha.<br>Magpanggap bilang<br>Marlon at Lina. Magsanay sa pagbasa ng diyalogo.<br>Lina: Magandang umaga, Marlon.<br>Marlon: Magandang umaga din naman sa iyo Lina.<br>Lina: Kumusta ka ?<br>Marlon: Mabuti naman. Maraming salamat. Ikaw, kumusta ka?<br>Lina: Mabuti rin naman.<br>Marlon: Paalam na Lina.<br>Lina: Paalam, Marlon. | Ipagawa ang pangkatang Gawain.<br>Ipagawa ang pangkatang gawain na nakasulat sa activity cards.<br>a. Pangkat I: Katangian Ko, Tukuyin Mo!<br>Gumawa ng Character Map at isulat ang mga katangian ni Mina.<br><br><br>b. Pangkat II: Nais at Di-nais<br>Iguhit ang hinog na mangga at atis.<br>Ihambing ang katangian ng mga ito gamit ang Venn Diagram. | Itanong ang wastong paraan ng pagbigkas ng mga magagalang na pananalita.<br>a. Ipabasa ang mga magagalang na pananalita na nasa pisara, nasa tsart o nasa ginupit na kartolina.<br>b. Ipakita at ipabasa ang mga salita na nasa kartolina/tsart (High frequency words) | Basahin sa sarili ang mga pangkatang salita.<br>Lagyan ng ekis ang naiba ang bigkas.<br>1.salamat salamat salabat salamat<br>2.umaga umupa umaga umaga<br>3.hapon kahapon kahapon kahapon<br>4.tanghali tanghalan tanghali tanghali<br>5.paalam paalam palaka paalam<br>. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | c. Pangkat III: Sabi mo, Sabi ko<br>Gumawa ng Comic Strip ng naging pag-uusap nina Mina at ng punongguro.<br>d. Pangkat IV: Artista Ka ba?<br>Isadula ang bahaging ito ng kuwento.<br>Sa kaniyang patuloy na paglalakad, napansin ni Mina ang isang batang lalaki na nakabukas ang bag.<br>Hinabol niya ito. "Bata, nakabukas ang iyong bag, baka malaglag ang iyong mga gamit", ang sabi niya.<br>"Naku oo nga, Maraming salamat ha!", ang sabi ng batang lalaki.<br>"Walang anuman", ang nakangiting tugon ni Mina. | | |
| **F.Paglinang sa kabihasaan**<br>**( Leads to Formative Assessment )** | | Gawain 2 pahina 5 sa LM<br>"Teleserye ng Magagalang na Pananalita"<br>Bumuo ng tatlong pangkat.<br>Magpakita ng sitwasyon na gumagamit ng<br>magagalang na pananalita:<br>Pangkat I: Sa umaga/tanghali/gabi<br>Pangkat II: Kapag di sinasadya ay nakasakit<br>ng kapwa.<br>Pangkat III: Kapag nagawan ka ng mabuti ng<br>iyong kapwa | a. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?<br>Ano-ano ang kaniyang katangian?<br>Pakinggan natin ang pag-uulat ng Pangkat I.<br>Bakit ninyo nasabi na mabait /magalang si Mina?<br>Saan ba nagyari ang kuwento?<br>Ano naman ang masasabi ninyo sa nanay/punongguro ni Mina?<br>b. May gusto at ayaw na prutas si Mina.Ano kaya<br>ito?Pakinggan at panoorin natin ang Pangkat II.<br>Bakit kaya gusto ni Mina ang mangga?<br>Ikaw ano ang gusto mong prutas? Bakit?<br>Ano naman ang ayaw mong prutas? Bakit?<br>Pare-pareho ba ang gusto/ayaw ninyong prutas?<br>Ano ang masasabi ninyo sa inyong gusto at ayaw?<br>(Iba-iba ang gusto at ayaw ng bawat bata/tao.) | Muling ipabasa ang kwento. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | c. Anong pagbati ang ginamit ni Mina?<br>Ano ang naging tugon ng punongguro?<br>Tingnan natin kung wasto ang sagot ninyo.<br>Pakinggan natin ang Pangkat III.<br>Bukod sa pagbati ano pang magagalang na pananlita ang narinig ninyo sa kuwento?Ginagamit nyo rin ba ang mga ito? Kailan?<br>d. Ano ang napansin ni Mina sa kaniyang paglalakad?<br>Ano ang kaniyang ginawa?<br>Panoorin ang Pangkat IV.<br>Tama ba ang ginawa ni Mina? Bakit?<br>Tama ba na magpasalamat ang bata kay Mina?Bakit?<br>Kailan pa kayo nagpapasalamat at kanino? | | |
| **G.Paglalapat ng aralin sa pang araw-araw na buhay** | | Papasok ka sa inyong silid-aralan nang hindi sinasadya ay nabangga mo ang iyong kaklase. Ano ang iyong gagawin o sasabihin sa kaniya? | | Tumingin sa paligid ng silid-aralan. Basahin ang mga salitang makikita ninyo. | |
| **H.Paglalahat ng Aralin** | | Ano-ano ang magagalang na pananalita at pagbati ang ating ginagamit?<br>Kailan natin ginagamit ang mga ito?<br>Basahin ang dapat tandaan sa LM.<br>May magagalang na pananalita at pagbati na ginagamit sa iba‟t ibang sitwasyon tulad ng:<br>1. Magandang umaga/tanghali/hapon gabi.<br>2. Kumusta ka?<br>3. Maraming salamat. | Paglalahat<br>Paano ninyo naunawaan ang kuwento?<br>Ipabasa ang Tandaan.<br>**TANDAAN:**<br>Mauunawaan ang kuwento sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong at pagbibigay ng detalye tungkol dito.Ang pagbibigay ng hinuha,komento o reaksyon ang magbibigay kahulugan at ugnayan sa buhay.<br>Paghihinuha ang tawag sa pagbibigay ng hula sa maaaring | Paano binabasa ang mga salita?<br>Basahin ang mga dapat tandaan sa LM sa pahina 8<br>Bigkasin ang magagalang na pagbati at pananalita nang may wastong tono, ekspresyon, at pagpapangkat ng mga pantig at salita.<br>Isinusulat ang mga magagalang na pananalita nang may wastong bantas, espasyo ng mga letra, at salita. | Paano naman ang wastong paraan ng pagsulat ng mga magagalang na pagbati at pananalita?<br>Isinusulat ang mga magagalangna pagbati at pananalita nang may wastong bantas, espasyo ng mga letra at salita. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | 4. Wala pong anuman.<br>5. Makikiraan po.<br>6. Paalam na po. | mangyayari ayon sa kahihinatnan ng isang sitwasyon. | | |
| **I.Pagtataya ng Aralin** | | Kumuha ng kapareha at gumawa ng usapan na gumagamit ng magagalang na pagbati o pananalita. | Basahin ang tula sa Gawain 3 sa LM at ipagawa ang pangkatang gawain.<br>**Ang Gusto Ko!**<br>**Akda ni Agnes Guevara Rolle**<br>Nais kong tumulong sa tuwi-tuwina<br>Sa mahal kong ina at mahal kong ama<br>Ang gawaing bahay na kayang kaya na<br>Ako ang gagawa at hindi na sila.<br>Pagbubutihin ko rin itong pag-aaral<br>Ng ang pera at oras ay hindi masayang<br>Ako rin ay magiging mabuting mamamayan<br>Ng minamahal kong lugar na tirahan.<br>Wastong pag-uugali ay isasabuhay<br>Tulad ng pagtatapon ng basura sa bakuran<br>Halaman at hayop na ikinabubuhay<br>Pagyayamanin ko at aalagaan. | Basahin sa sarili ang mga pangkatang salita.<br>Lagyan ng ekis ang naiiba ang bigkas.<br>1.salamat salamat salabat salamat<br>2.umaga umupa umaga umaga<br>3.hapon kahapon kahapon kahapon<br>4.tanghali tanghalan tanghali tanghali<br>5.paalam paalam palaka paalam | |
| **J.Karagdagang Gawain para sa takdang- aralin at remediation** | | | | | |
| **IV. MGA TALA** | | | | | |
| **V. PAGNINILAY** | | | | | |
| **A.Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya** | | | | | |
| **B:Bilang ng mag-aara na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation** | | | | | |
| **C.Nakatulong ba remedial? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin.** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **D.Bilang ng mag-aaral na magpapatuloy sa remediation.** | | | | | |
| **E.Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos ?Paano ito nakatulong?**<br>**F.Anong suliranin ang aking naranasan**<br>**na solusyon sa tulong ng aking punong guro at suberbisor?** | | | | | |
| **G.Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?** | | | | | |